ISSN: 2799 - 1091
Page No. 124-138

# *KATAGA* WORKTEXT IN TEACHING FILIPINO: A WEALTH OF WISDOM IN EFFECTIVE COMMUNICATION AND JOURNALISM

**Jolle May T. Bayron**[1]
Department of Education, Koronadal National Comprehensive High School, City of Koronadal, South Cotabato, Philippines
Email: jollemay.bayron@deped.gov.ph

**Armando S. Dardo, Jr.**[2]
Graduate School, Sultan Kudarat State University, Tacurong City, Philippines
Email: armandodardo@sksu.edu.ph

**Abstract:** The general objective of the study is to ascertain the level of availability and use of Filipino references under the MATATAG Curriculum, in particular, the ones located in libraries, teacher-owned references, and student-owned resources. Validation of the KATAGA worktext shall also be studied by way of the standards of objectives, content, format and language, presentation, and exercises. The study also assessed the acceptance level of students and teachers relative to the quality and structure of KATAGA based on these standards. This research intends to find out if there is a significant relationship between the acceptance level of KATAGA and the availability of teaching materials in the Filipino subject.

The study followed a Research and Development (R&D) design, which focuses on a systematic way of developing, validating, and evaluating teaching materials. The research was conducted at the Junior High School of Koronadal National Comprehensive High School, involving selected teachers and students from the Special Program in Journalism through purposive sampling.

Using Analysis of Variance (ANOVA) for the analysis, it was found that there is no significant relationship of the use of previous teaching materials of teachers with acceptance of the worktext by teachers and students. However, the study has essentially shown that the design, content, and presentation quality of KATAGA worktext are major factors affecting its acceptance. The major findings of the study reinforce that teaching materials must be of high quality and well-structured to facilitate the learning of the Filipino subject.

**Keywords:** KATAGA, Worktext, Filipino, Wealth of Wisdom, Communication, Journalism

## I. INTRODUKSYON

Sa paglipas ng taon, patuloy pa rin na nagbabago ang mga estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang lumalawak na pangangailangan ng mga estudyante sa isang mabilis at umuunlad na mundo. Ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo na madalas na umaasa sa aklat ay hinamon ng makabagong teknolohiya at mga bagong pananaw sa edukasyon. Dahil dito, nagsimulang lumitaw ang iba't ibang alternatibong kagamitan sa pagkatuto, kabilang ang worktext at nagbibigay ng mas organisado at interaktibong paraan ng pagtuturo. Sa pamamagitan ng

worktext, nabibigyan ng daan ang mas aktibong pakikisangkot ng mga estudyante sa sariling pagkatuto, na naglalayong mapalalim ang pang-unawa at mapahusay ang kanilang kakayahan sa iba pang larang pang-akademiko.

Sa larang ng pagtuturo, mahalaga ang pagpapanday ng karunungan ng mga estudyante sapagkat ito ay sumasalamin sa husay ng isang tagapagturo sa paghahatid ng kaalaman. Ayon kina Saavedra et al. (2022), ang mga kagamitan sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng mas epektibong estratehiya para sa mas mabilis at mas makabuluhang pagkatuto ng mga estudyante. Gayunpaman, isa sa mga pangunahing suliranin ng maraming pampublikong paaralan sa Pilipinas ay ang kakulangan ng mga aklat, kagamitang panturo, at iba pang makabagong kagamitan sa pagtuturo (Frolova et al., 2019). Dahil dito, maraming guro ang napipilitang gumamit ng tradisyunal na pamamaraan sa pagtuturo na maaaring hindi na epektibo sa kasalukuyang panahon (Alsalhi et al., 2020).

Sa konteksto ng Special Program in Journalism (SPJ), lalong nagiging mahalaga ang pagkakaroon ng nababagay na kagamitan sa pagtuturo upang matiyak ang kaalaman ng mga estudyante sa pamamahayag. Ayon kay Tupaz (2021), ang textbook na ginagamit sa kasalukuyan ay madalas na hindi sapat upang matugunan ang kailangang makamtan ng mga estudyante sa larang ng pagsulat. Dagdag pa ni Valencia-Forrester (2022), maraming guro sa pamamahayag ang nangangailangan ng contextualized teaching materials upang maiangkop ang kanilang pagtuturo sa lokal na konteksto ng mga estudyante. Dahil sa limitadong oras at kakulangan ng kagamitan sa pagsasanay, hindi nabibigyan ng sapat na pagkakataon ang mga estudyante upang mahasa ang kaalaman sa malikhaing pagsulat, partikular sa pagsulat ng lathalain, balitang isports, at editoryal (Jamil & Bhuju, 2023).

Upang tugunan ang suliraning ito, mahalagang bumuo ng worktext na angkop sa pangangailangan ng mga estudyante sa SPJ. Ayon kina Alsalhi et al. (2020), ang paggamit ng worktext bilang kagamitang panturo ay may matinding epekto sa pagtamo ng tagumay ng mga estudyante sapagkat ito ay naglalaan ng estrukturadong tulay sa pag-aaral. Dagdag pa nina Jones at Martin (2022), ang mga worktext na gumagamit ng multimedia at interaktibong elemento ay mas epektibo sa pagpapalakas ng direktang paglahok ng mga estudyante sa klase. Ipinakita rin nina Roberts at Evans (2023) na ang worktext ay mas praktikal kumpara sa tradisyunal na textbook sapagkat maaari itong baguhin at iangkop ayon sa pangangailangan ng mga estudyante at tapagturo.

Sa kabila ng potensyal ng worktext bilang isang mabisang materyal sa pagtuturo, may mga hamon pa ring kinakaharap sa paggamit nito. Ayon kina Chen at Ng (2023), isa sa pangunahing balakid ay ang kakulangan sa pagsasanay ng mga guro sa epektibong paggamit nito, kaya't hindi nagiging ganap ang bisa nito bilang kasangkapan sa pagtuturo. Samantala, binanggit nina Dancsa et al. (2023) na hindi lahat ng worktext ay naiaangkop sa lokal na konteksto, kaya't nagiging mahirap para sa mga estudyante na makaugnay dito.

Sa kabila ng mga hamong ito, patuloy ang pananaliksik sa bisa ng worktext upang makapagtaguyod ng mas mahusay na pagkatuto. Ang pagkakaroon ng sapat at angkop na materyales sa pagtuturo ay may tuwirang resulta sa karunungan ng mga estudyante, partikular sa mga asignaturang nangangailangan ng malalim na kasanayan sa pagsusulat. Samantala, ang epektibong paggamit ng worktext ay maaaring mapabuti ang lebel ng pagkatuto ng mga estudyante at mapataas ang kanilang antas ng kakayahan sa pagsusulat. Kaya, ang pangangailangang magsagawa ng mas malalim na pananaliksik hinggil sa pangmatagalang epekto ng paggamit ng

worktext sa edukasyon (Wagner, 2019, Bennett at Young, 2022; Fairlie at Yolayka, 2000, Pineda et al., 2022).

Dahil dito, tuon ng pananaliksik na ito na bumuo at suriin ang isang worktext sa Filipino na magiging gabay sa pagtuturo ng Special Program in Journalism sa Koronadal National Comprehensive High School. Sa pamamagitan ng pagbuo ng worktext na ito, inaasahang matutulungan ang mga estudyante na mapalakas ang kanilang kasanayan sa pagsusulat, mapabuti ang kanilang pagkatuto, at mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo sa larang ng pamamahayag.

## Layunin ng Pag-aaral

1. Malalaman ang antas ng pagkakaroon at paggamit ng mga reperensiya sa Filipino ng MATATAG Kurikulum batay sa: Akda sa Aklatan; Reperensiyang Pag-aari ng Guro; at Reperensiyang Pag-aari ng Mag-aaral.
2. Matutukoy ang antas ng balidasyon ng KATAGA batay sa: Layunin; Nilalaman; Pormat at Wika; Presentasyon; at Pagsasanay.
3. Mababatid ang antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA ayon sa mag-aaral batay sa: Layunin; Nilalaman; Pormat at Wika; Presentasyon; at Pagsasanay.
4. Mababatid ang antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA ayon sa mga guro batay sa: Layunin; Nilalaman; Pormat at Wika; Presentasyon; at Pagsasanay.
5. Matutukoy kung makabuluhang kaugnayan ba sa pagitan ng antas ng pagtanggap ng KATAGA at antas ng pagkakaroon sa mga nabuong nang kagamitang pampagtuturo.

## Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

### *Worktext* bilang Kagamitang Pampagtuturo

Ang worktext ay isang mahalagang materyal sa pagtuturo na nagbibigay ng estrukturadong gabay para sa mas sistematikong pagkatuto ng mga estudyante. Ayon kay Brookhart (2013), ang worktext ay isang pinagsamang aklat at gawaing-aklat na may kasamang gabay, pagsusulit, at mga gawain upang mapalalim ang karunungan ng mga estudyante. Dagdag pa nina Richey at Klein (2014), ang worktext ay nagbibigay ng interaktibong estratehiya sa pagkatuto na tumutulong sa mga estudyante na magkaroon ng mas malalim na pagkatuto sa mga paksa na magiging tulay ng sunod-sunod na pagsasanay. Sinusuportahan ito ng pananaliksik nina Cabalida (2024) at Coca et al. (2024) kung saan ipinakita na ang paggamit ng worktext ay may positibong resulta sa retensiyon ng kaalaman at aktibong partisipasyon ng mga estudyante sa klase.

Sa isang mas kamakailang pag-aaral nina Deeley at Cavan (2021), napag-alaman na ang paggamit ng dihitál at nakalimbag na worktext ay nagkaroon ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga estudyante, partikular sa mga asignaturang nangangailangan ng masusing pagsasanay sa akademikong pagsulat. Ayon naman kay Bagtas (2024), ang worktext na may teknolohikal na pagsasanib, tulad ng mga interaktibong gawaing papel at pagtatayang pampagkatuto, ay mas epektibo sa sariling bilis ng pagkatuto at mas nakatutulong sa indibidwal na pamamaraan ng

pagtuturo. Sinusuportahan ito ng pananaliksik nina Sánchez at Ramírez (2022), kung saan ipinakita na ang worktext na may estrukturadong paggabay ay nakapagpapataas ng pagganap sa akademiko ng mga estudyante sa mga asignaturang may pangangailangang pagsusuri sa pagsusulat.

Ang paggamit ng worktext bilang materyal na panturo ay isang makabagong hakbang sa edukasyon na naglalayong tugunan ang mga hamon sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Ayon kina Ovcharuk et al. (2020), ang worktext ay nagtatampok ng interaktibong katangian na nagpapahusay sa aktibong partisipasyon ng mga estudyante. Binibigyan ng diin ng mga ito ang agarang komento, kakayahang magamit, at pagiging angkop para sa mga indibidwal na pangangailangan ng mga estudyante (Mandado, et al).

Ayon kina Jones at Martin (2022), ang paggamit ng mga elemento ng multimedia sa worktext ay nagdadala ng mas mataas na antas ng interaktibong pagtuturo at pagkatuto. Sa pananaliksik nina Garcia at Lee (2021), natuklasan nila na ang mga worktext ay mahalaga sa pagsasagawa ng distansyang pagkatuto lalo na noong COVID-19 pandemya. Samantala, ipinakita nina Roberts at Evans (2023) na ang worktext ay mas praktikal kumpara sa mga tradisyonal na materyales dahil ito ay may agarang tugon at mas madaling baguhin upang umayon sa lokal na konteksto. Gayunpaman, ayon kina Chen at Ng (2023), ang kakulangan sa kasanayan ng mga guro at suporta mula sa administrasyon ay nananatiling mga balakid sa epektibong paggamit nito.

**Pag-aaral tungkol sa Worktext at Pamamahayag**

Ipinakita nina Fairlie at Loyalka (2020) at Ria (2021) na ang paggamit ng worktext ay may positibong resulta sa akademikong pagganap ng mga estudyante, higit sa larang ng pamamahayag. Sinabi ni Wagner (2019), ang worktext ay nagbibigay ng malinaw na gabay at istruktura na nagpapadali sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binanggit nina Akhmetshin et al. (2021) na ang kakulangan sa teknolohiya at imprastruktura ay nananatiling hamon sa mga liblib na lugar.

Ayon kina Dancsa et al. (2023), ang worktext ay mas abot-kaya at praktikal kumpara sa tradisyonal na aklat. Dagdag pa rito, binigyan ng diin nina Camba (2023) at Pineda et al. (2022) na ang paggamit ng worktext ay nagbibigay ng malinaw at organisadong nilalaman na madaling sundan ng mga estudyante. Gayunpaman, patuloy na hinihikayat ang karagdagang pananaliksik hinggil sa pangmatagalang epekto ng worktext sa edukasyon.

Ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo gamit ang worktext ay nagbibigay ng daan para sa mas episyenteng paghahatid ng edukasyon. Ayon kina Grimus (2020) at Sarker et al. (2019), ang paggamit ng mga dihitál na worktext ay nakatutulong upang maangkop ang makabagong pamamaraan sa pagtuturo at makapagbigay ng sariling bilis ng karunungan sa mga estudyante. Dagdag pa nina Fisher et al. (2020), ang worktext ay naglalaan ng mas kritikal na pang-unawa at kolaborasyon sa pagitan ng mga estudyante, sapagkat ito ay nagbibigay ng mas maraming interaktibong gawain na maaaring gawin sa iba pang paraan.

Sa pag-aaral nina Paranad et al. (2023), ang mga pangunahing hamon sa paggamit ng worktext ay kinabibilangan ng pisikal na imprastraktura, salik ng guro at estudyante, at mga limitasyon sa teknikal na suporta. Gayunpaman, ayon kina Haleem et al. (2022), ang worktext ay nakatutulong sa pagtugon sa mga hadlang sa tradisyunal na edukasyon, tulad ng limitadong oras at lugar, at nagbibigay ng mas madaling akses sa pagkatuto. Sinusuportahan ito nina Nguyen at

Zhang (2023), na nagsasabing ang paggamit ng worktext sa blended learning approach ay nagbubukas ng oportunidad para sa mas lamang na lebel ng kaalaman sa pamamagitan ng personalized learning pathways.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Sánchez at Ramírez (2022) na ang estrukturadong worktext ay mas epektibo sa pagbuo ng mga independent learning skills lalo na sa mga estudyante na nasa mataas na paaralan at kolehiyo. Sa isang kaugnay na pag-aaral nina Kim et al. (2022), ipinakita na ang dihitál na worktext ay mas epektibo sa pagpapataas ng pagsusuri at pagsusulat na kasanayan kumpara sa mga tradisyonal na aklat, dahil sa abilidad nitong maglaan ng agarang puna at mga adaptive learning strategies. Samantala, ayon kina Roberts et al. (2023), ang mga interactive worktext na ginagamit sa online at hybrid learning setups ay maaaring mapahusay ang kaalama sa pakikilahok ng mga estudyante, anuman ang kanilang lebel ng akademikong kakayahan.

**Espesyal na Programa ng Pamahayagan**

Ang Special Program in Journalism (SPJ) ay isang inisyatiba ng Kagawaran ng Edukasyon na naglalayong palakasin ang kasanayan ng mga estudyante sa pamamahayag bilang suporta sa K to 12 Curriculum. Ayon kina Yongco at Del Valle (2022), tuon ng programa na ihanda ang mga estudyante para sa larangan ng pamamahayag sa pamamagitan ng pagbibigay ng diin sa praktikal at teoretikal na aspeto nito. Ang SPJ ay umaayon sa R.A. 7079, o Campus Journalism Act of 1991, na nagtataguyod ng responsableng pamamahayag sa mga paaralan.

Ang Manual of Operation for Special Program in Journalism ay nagbibigay ng malinaw na patnubay sa pagpapatakbo ng programa, kabilang ang pagsasagawa ng monitoring at evaluation upang masiguro ang kalidad ng implementasyon nito. Ayon kay DepEd (2012), mahalagang bahagi ng SPJ ang paggamit ng angkop na materyales, tulad ng worktext, upang mapahusay ang karanasan sa pagkatuto ng mga estudyante. Naglalaman din ito ng mahahalagang impormasyon na isinulat at ipinatupad na may malasakit sa mga estudyante at mga tagaturo. Hindi lamang ito isang kabuoan ng patakaran, kundi isang dokumento na nagpapakita ng pag-unawa sa pangangailangan ng mga kasali sa programa at nakatutok sa pagpapabuti ng karanasan at pagkatuto ng estudyante.

## II. METODOLOHIYA

**Lugar ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik ay isinagawa sa pampublikong paaralan sa Junior High School ng Koronadal National Comprehensive High School, Lungsod ng Koronadal, Timog Cotabato na pinapatakbo ng Kagawaran ng Edukasyon. Napili ng mananaliksik bilang respondente ang Ikapitong Baitang (Grade 7) sa Espesyal na Programa ng Pamahayagan dahil sa kawalan ng kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga estudyante.

**Mga Kalahaok sa Pag-aaral**

Ang mga kalahok ng pananaliksik ay binubuo ng mga guro at estudyante na bahagi ng Special Program in Journalism (SPJ) sa Filipino mula sa Koronadal National Comprehensive High School batay sa K to 12 Kurikulum sa taong panuruan 2024-2025 na may asignaturang Filipino.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 124-138

Ang pagpili ng respondente ay ginawa gamit ang purposive sampling upang matiyak na angkop ang mga tagatugon sa layunin ng pag-aaral.

Ang mga guro ay may mahalagang papel sa pagsusuri ng mga materyales panturo dahil sila ang direktang gumagamit at nagtuturo nito sa mga estudyante. Samantala, ang mga estudyante naman ay ang pangunahing tagagamit ng nabuong worktext, kaya naman ang kanilang pananaw ay itinuturing na mahalaga sa ebalwasyon ng worktext. Ang mga respondente ay pinili batay sa kanilang aktibong pakikilahok sa SPJ at kakayahang magbigay ng wastong tugon ukol sa mga materyales na gagamitin sa programa.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang mananaliksik ay kumuha ng datos sa pamamagitan ng una, humingi ng permiso sa Dekana ng Paaralang Panggradwado ng Sultan Kudarat State University. Pagkatapos nito, humingi naman ng permiso sa Prinsipal ng Paaralang Koronadal National Comprehensive High School.

Ang sunod na ginawa ay ang pagsagawa ng sarbey gamit ang talatanungan batay sa antas ng pagkakaroon at paggamit ng reperensya sa mag-aaral ng Baitang 7-SPJ, librarian at mga guro ng Filipino. Pagkatapos ng bahaging iyon ay sinuri ang resulta o datos batay sa sagot ng respondente.

Bumuo at ipinabalido ang talatanungan para sa worktext at pagkatapos na mabalido ito, agad ng ipinatasa ito sa mga eksperto na napili.

## III. PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAHALAGA

### Antas ng Pagkakaroon at Paggamit ng mga Reperensiya sa Filipino ng MATATAG Kurikulum

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa antas ng pagkakaroon at paggamit ng mga reperensiya sa Filipino ng MATATAG kurikulum. Layunin ng sarbey na tukuyin ang antas ng pagkakaroon at paggamit ng reperensiya sa Filipino. Ang sarbey na ito ay isang talatanungan na binubuo ng 15 aytem at ang pagsagot ay sa pamamagitan ng pagpili ng sagot batay sa sariling opinyon.
Inilahad sa Talahanayan 2 sa ibaba ang lebel pagkakaroon at paggamit ng mga reperensiya sa Filipino ng MATATAG Kurikulum.

**Talahanayan 2. Antas ng pagkakaroon at paggamit ng mga reperensiya sa Filipino ng MATATAG Kurikulum**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Mga Akda sa Aklatan | 2.68 | 0.91 | Katamtaman |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 124-138

| | | | |
|---|---|---|---|
| Reperensiyang Pag-aari ng Guro | 1.77 | 1.19 | Napakababa |
| Reperensiyang Pag-aari ng Mag-aaral | 1.55 | 1.12 | Napakababa |
| **Kabuoan** | **2.00** | **0.74** | **Mababa** |

Ipinakita ng talahanayan 2 na ang indikeytor na ang mga akda sa aklatan ay katamtaman (M = 2.68, sd = 0.91) samantalang ang reperensiyang pag-aari ng mag-aaral ay napakababa (M = 1.55, sd = 1.12). Ang kabuong antas ng pagkakaroon at paggamit ng mga reperensiya sa Filipino ng MATATAG kurikulum ay mababa (M = 2.00, sd = .74)

Makikita na may pagkakaiba sa pananaw ng tatlong grupo tungkol sa pagkakaroon at paggamit ng mga represensya sa Filipino ng MATATAG kurikulum. Nagpapahiwatig ito ng mababang antas ng pagkakaroon at paggamit ng mga represensya sa Filipino ng MATATAG kurikulum ayon sa tatlong grupo ng kalahok. Mas malinaw ito sa datos ng mga estudyante at guro, na parehong mababa ang pagtingin sa aksesibilidad o paggamit ng mga reperensiya ng MATATAG kurikulum.

Pinatutunayan ito ng pag-aaral nina Roberts at Evans (2023) na nagsasabing ang aksesibilidad ng mga kagamitang pampagtuturo, lalo na sa mga lokal na akdang ginagamit sa kurikulum, ay nananatiling isang hamon sa maraming institusyon. Ang kakulangan sa lokal na sanggunian ay nagdudulot ng limitadong paggamit at pagbaba ng kalidad ng pagtuturo sa wikang Filipino.

Dagdag pa nina Chen at Ng (2023), ang kakulangan sa imprastraktura at suportang administratibo ay itinuturing na pangunahing salik na nagpapababa sa kalidad at pagkakaroon ng mga kinakailangang materyales sa pagtuturo, kabilang ang mga akdang nakasulat sa Filipino.
Sa lokal na konteksto, tinukoy din nina Cabalida (2024) at Coca, Montecino, at Dabalos (2024) na ang paggamit ng worktext bilang kagamitang pampagtuturo ay may positibong resulta sa retensyon ng kaalaman at aktibong partisipasyon ng mga estudyante sa klase. Gayunpaman, binigyang-diin din nila na may hamon sa sapat na pagkakaroon ng mga materyales sa Filipino sa mga paaralan, na siyang nagpapababa sa antas ng paggamit nito sa silid-aralan.

Sa kabuoan, malinaw na ipinapakita ng datos na may mababang antas ng pagkakaroon at paggamit ng mga reperensiya sa Filipino ng MATATAG kurikulum, na sinusuportahan ng mga naunang pag-aaral na nagtuturo sa kakulangan ng akses at suporta para sa mga materyales sa wikang Filipino sa mga paaralan.

**Antas ng Balidasyon ng KATAGA**

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng resulta ng antas ng balidasyon ng KATAGA na dumaan sa masusing pagbabalido ng mga eksperto sa Filipino.

**Talahanayan 3. Antas ng Balidasyon ng KATAGA**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.89 | 0.17 | Napakahusay |
| Nilalaman | 4.70 | 0.42 | Napakahusay |
| Pormat | 4.73 | 0.51 | Napakahusay |
| Wika | 4.94 | 0.14 | Napakahusay |
| Presentasyon | 4.92 | 0.20 | Napakahusay |
| Pagsasanay | 4.77 | 0.38 | Napakahusay |
| **Kabuoan** | **4.82** | **0.30** | **Napakahusay** |

Ipinakita sa Talahanayan 3 na ang indikeytor na wika ay napakahusay (M = 4.94, sd = 0.14) samantalang ang indikeytor na nilalaman ay napakahusay pa rin (M = 4.70, sd = .42). Ang kabuoang antas na balidasyon ng KATAGA ay napakahusay (M = 4.82, sd = 0.30).

Ipinahiwatig ng resulta ang labis na kasapatan at kalidad ng talatanungan sa nilalaman ng KATAGA na may deskripsiyong napakahusay ang kagamitang pampagtuturo. Kaya naman, angkop ang mga indikeytor na ginamit sa pagbuo ng worktext dahil nananatiling konsistent ang resulta ng antas ng balidasyon na napakahusay.

Ayon kina Sánchez at Ramírez (2022), ang mataas na antas ng balidasyon ng mga kagamitang pampagtuturo ay nakabatay sa malinaw na layunin, nilalaman, at wika ng mga ito, na lubos na nagpapadali sa paggamit ng guro at mag-aaral. Sinusuportahan din nina Deeley (2021) at Cavan (2021) na ang malinaw na layunin at estruktura ng *worktext* ay nagbibigay ng mataas na antas ng kasapatan at kasiyahan sa mga tagagamit. Idinagdag nina Jones at Martin (2022) na ang paggamit ng bahagi ng *multimedia* ay nagpataas ng antas ng balidasyon at pagtanggap sa mga kagamitang pampagtuturo, lalo na kung isinasaalang-alang ang kalidad ng wika at presentasyon.

Sa kabuoan, ang mga datos ay nagsasabi na ang KATAGA ay may mataas na antas ng balidasyon sa lahat ng kategorya. Pinatotohanan ito ng mga naunang pag-aaral na nagsasabing mahalaga ang malinaw na layunin, maayos na nilalaman, at presentasyon sa mga kagamitang pampagtuturo upang ituring na mataas ang kalidad nito at tanggap ng mga tagagamit.

**Antas ng Pagtanggap sa Kalidad at Pagkakabuo ng KATAGA batay sa mga Mag-aaral**

Inilahad sa talahanayan 4 sa ibaba ang antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA o *worktext* batay sa mga estudyante na ginawa ng mananaliksik.

**Talahanayan 4. Antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA batay sa mag-aaral**

| **Indikeytor** | **Mean** | **SD** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.71 | 0.51 | Napakahusay |
| Nilalaman | 4.65 | 0.52 | Napakahusay |
| Pormat | 4.70 | 0.50 | Napakahusay |
| Wika | 4.69 | 0.47 | Napakahusay |
| Presentasyon | 4.70 | 0.38 | Napakahusay |
| Pagsasanay | 4.61 | 0.58 | Napakahusay |
| Kabuoan | 4.68 | 0.49 | Napakahusay |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 124-138

Makikita sa Talahanayan 4 ang antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA batay sa pananaw ng mga estudyante ay may deskripsiyong napakahusay (M = 4.71, sd = 0.51) samantalang ang pinakamababa naming indikeytor ay may deskripsiyong napakahusay pa rin (M =4.61, sd = 0.58) na may kabuoang deskripsiyong "Napakahusay" (M = 4.68, sd = .49) ayon sa itinakdang pamantayan ng interpretasyon.

Nagpapahiwatig na ang mga estudyante ay lubos na sumasang-ayon na malinaw at angkop ang layunin ng KATAGA sa kanilang pangangailangan at inaasahan. Ipinapakita nito na ang mga elemento ng KATAGA batay sa layunin, nilalaman, pormat, wika, presentasyon, at pagsasanay ay matagumpay na naipahayag at naisakatuparan alinsunod sa mga pamantayang inaasahan ng mga tagagamit.

Pinatutunayan ng pag-aaral ni Brookhart (2013) na ang *worktext* na may malinaw na layunin at estrukturadong disenyo ay nag-aambag sa positibong pagtanggap ng mga estudyante. Ipinakita nina Nguyen at Zhang (2023) na ang paggamit ng *worktext* sa isang pinagsamang pagkatuto ay nagbibigay ng inisyatiba sa sariling landas sa pagkatuto, na nagtataas ng antas ng pagtanggap ng mga estudyante sa kalidad nito. Sinusuportahan din nina Fisher et al. (2020) na ang mga interaktibong estratehiya ng *worktext* ay nagtutaguyod ng mas mataas na kolaborasyon at kasiyahan sa mga estudyante, na siyang mahalaga sa epektibong pagkatuto.

Sa kabuoan, ang resulta ay nagpapakita na ang mga estudyante ay lubos na tumatanggap at positibong tumutugon sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA. Ang mataas na antas ng pagtanggap ay nagpapahiwatig na ang layunin ng KATAGA ay natupad at ang mga bahagi nito ay naaayon sa mga pamantayan ng kalidad na kinakailangan para sa mabisang gamit at aplikasyon.

**Antas ng Pagtanggap sa Kalidad at Pagkakabuo ng KATAGA batay sa mga Guro**

Inilahad sa talahanayan 5 sa ibaba ang antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA o *worktext* batay sa mga guro na ginawa ng mananaliksik.

**Talahanayan 5. Antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA**

| Indikeytor | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.91 | 0.29 | Napakahusay |
| Nilalaman | 4.81 | 0.46 | Napakahusay |
| Pormat | 4.82 | 0.42 | Napakahusay |
| Wika | 4.93 | 0.26 | Napakahusay |
| Presentasyon | 4.80 | 0.41 | Napakahusay |
| Pagsasanay | 4.80 | 0.40 | Napakahusay |
| Kabuoan | 4.85 | 0.40 | Napakahusay |

Makikita sa Talahanayan 5 ang antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA batay sa pananaw ng mga guro ay may deskripsiyong napakahusay (M = 4.91, sd = 0.29) samantalang ang pinakamababa naming indikeytor ay may deskripsiyong napakahusay pa rin (M =4.80, sd = 0.41) na may kabuoang deskripsiyong "Napakahusay" (M = 4.85, sd = .40) ayon sa itinakdang pamantayan ng interpretasyon.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 124-138

Nagpapakita na sa pangkalahatan, lubos na katanggap-tanggap at napakahusay ang kalidad at pagkakabuo ng KATAGA sa pananaw ng mga guro. Ang mataas na antas ng pagtanggap na ito ay nagpapakita na ang mga nilalaman ng KATAGA ay angkop, malinaw, at epektibong nagagamit sa pagtuturo.

Batay sa pananaliksik nina Richey at Klein (2014), ang *worktext* ay nagiging mas epektibo sa pagtuturo kung ito ay may malinaw na layunin at wasto ang gamit ng wika, na napatunayan sa mataas na lebel ng pagtanggap mula sa mga guro sa kasalukuyang pag-aaral. Ayon din sa pananaliksik nina Sánchez at Ramírez (2022), ang maayos na estruktura ng nilalaman at angkop na presentasyon ay mahalagang salik sa mataas na antas ng pagtanggap ng mga guro. Bukod dito, binigyan ng diin nina Kim et al. (2022) na ang interaktibong disenyo ng *worktext* ay nagpapahusay sa epektibong pamamaraan ng pagtuturo at higit na nagpapadali sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga guro.

Sa kabuoan, ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang mga tagapagturo ay lubos na nasisiyahan sa mga elemento ng KATAGA, partikular sa layunin, nilalaman, pormat, wika, presentasyon, at pagsasanay. Ang mataas na iskor at mababang *standard deviation* ay nagpapahiwatig ng matatag na pagtanggap at pagkilala sa kalidad ng materyales bilang epektibong kagamitan sa pagtuturo.

**Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Pagkakaroon ng KATAGA at Antas ng Pagtanggap sa mga Nabuo nang Kagamitang Pampagtuturo**

Ang ikaanim na bahagi ng pag-aaral ay naglalayong tukuyin kung may kabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagkakaroon ng kataga at ng antas ng pagtanggap sa mga nabuo nang kagamitang pampagtuturo, batay sa pananaw ng mga estudyante at mga guro.

Makikita sa Talahanayan 6 ang pagsusuri kung may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pagkakaroon ng KATAGA at antas ng pagtanggap sa mga nabuo nang kagamitang pampagtuturo.

**Talahanayan 6. Paghahambing ng *Mean* ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral**

| Pinagmulan ng baryasyon | Sum of Squares | df | Mean Square | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | .014 | 4 | .004 | .083 | .974 |
| Within Groups (Mag-aaral) | .042 | 1 | .042 | | |
| Total | .056 | 5 | | | |
| Between Groups | .400 | 4 | .100 | .157 | .935 |
| Within Groups (Guro) | .638 | 1 | .638 | | |
| Kabuoan | 1.039 | 5 | | | |

$\alpha < 0.05$ level of significance

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 124-138

Ipinakita sa Talahanayan 6 ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pagkakaroon ng KATAGA at antas ng pagtanggap sa mga nabuo nang kagamitang pampagtuturo kung saan ay hindi makabuluhan ang para sa mag-aaral ( $F = 0.083$ ) at para sa mga guro ( $F = 0.157$). Samantala, ang kanilang mga *p-value* sa mag-aaral (p = 0.974) at mga guro ( p = 0.935). Ang mga *p-value* na ito ay parehong mas mataas sa antas ng kahalagahan na 0.05, na nagpapahiwatig na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga sinusuring baryabol.

Batay sa resulta ito ay nagpapakita na ang pagkakaroon ng kataga ay hindi naging salik na nakaapekto sa antas ng pagtanggap sa mga nabuo nang kagamitang pampagtuturo. Ibig sabihin, anuman ang pagkakaroon o hindi pagkakaroon ng kataga sa mga kagamitan, nananatili ang pagtanggap dito ng mga estudyante at guro batay sa iba pang aspeto ng kalidad ng kagamitan.

Sa kabuoan, ipinapakita ng pagsusuri na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagkakaroon ng kataga at ng antas ng pagtanggap sa mga nabuo nang kagamitang pampagtuturo, mula sa pananaw ng parehong mag-aaral at guro. Ang mataas na *p-values* ay nagsasaad na hindi tinatanggap ang alternatibong hipotesis, at pinatutunayan na ang mga tagatugon ay tumutugon sa kalidad ng mga kagamitan nang hindi isinasaalang-alang ang pagkakaroon ng kataga.

Ipinapakita sa pag-aaral nina Garcia at Lee (2021) na ang pagtanggap sa mga kagamitang pampagtuturo ay hindi nakabatay lamang sa presensya ng partikular na kataga kundi sa disenyo at nilalaman ng kagamitan. Ipinagdiinan nina Roberts at Evans (2023) na ang *flexibility* at *adaptability* ng *worktext* ay may mas malaking resulta sa pagtanggap ng mga guro at mag-aaral kumpara sa pagkakaroon ng terminolohiya. Sinusuportahan din nina Haleem et al. (2022) na ang mga hamon sa terminolohiya ay hindi kasinghalaga ng mga salik na may kinalaman sa kalidad at disenyo ng mga kagamitan sa pagtuturo.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng resulta na ang pagkakaroon o kawalan ng KATAGA ay walang makabuluhang epekto sa antas ng pagtanggap sa mga nabuo nang kagamitang pampagtuturo. Ang pagtanggap ay higit na naiimpluwensyahan ng kalidad ng nilalaman, interaktibong disenyo, at kaugnayan sa layunin ng pagtuturo, gaya ng binigyang diin nina Garcia at Lee (2021) at Sánchez at Ramírez (2022).

## IV. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

### Kongklusyon

Napatunayan sa pag-aaral na may mababang antas ng pagkakaroon at paggamit ng mga reperensiya sa Filipino na ginagamit sa pagtuturo ng MATATAG Kurikulum. Ipinakita ng resulta na kakaunti ang mga magagamit na akdang sanggunian na pag-aari ng mga guro at estudyante, kung kaya nagiging limitado ang paggamit ng mga lokal na materyales sa Filipino sa mga paaralan.

Sa isinagawang balidasyon ng KATAGA bilang isang worktext sa Filipino, napatunayan na ito ay lubos na katanggap-tanggap sa mga tagagamit. Ang mga bahagi ng worktext gaya ng layunin, nilalaman, pormat, wika, presentasyon, at pagsasanay ay napatunayang malinaw, organisado, at angkop para sa mga mag-aaral at guro. Pinatunayan ng mga guro at mag-aaral na ang KATAGA ay makatutulong sa pagpapataas ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Lumabas sa resulta na mas mataas ang antas ng pagtanggap sa kalidad at pagkakabuo ng KATAGA mula sa pananaw ng mga guro kumpara sa mga estudyante. Ipinakita rin na parehong

mataas ang antas ng pagtanggap sa lahat ng aspeto ng worktext. Ang mga guro ay nagpahayag ng mas malinaw na kasiyahan at pagkilala sa layunin at gamit ng worktext sa pagtuturo.

Dagdag pa rito, napatunayan sa pagsusuri na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagkakaroon ng kataga sa worktext at ng antas ng pagtanggap sa mga nabuo nang kagamitang pampagtuturo. Hindi naging salik ang paggamit o pagkakaroon ng kataga sa pagtanggap ng mga tagagamit, bagkus, ang disenyo, nilalaman, at presentasyon ng mga kagamitan ang naging pangunahing batayan sa kanilang pagtanggap at kasiyahan.

Samakatuwid, maituturing na epektibong kagamitan ang KATAGA sa pagtuturo ng Filipino. Patunay ito na makatutulong ang maayos na balangkas, malinaw na layunin, at wasto at akmang paggamit ng wika sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Kaya, masasabing mainam na ipagpatuloy ang paggamit at paglinang ng mga katulad na worktext upang higit na mapataas ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa wikang Filipino. Gayunpaman, nararapat din na isaalang-alang ang paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagdidisenyo ng mga kagamitang panturo upang higit na maengganyo ang mga estudyante sa kanilang pagkatuto.

## Rekomendasyon

Batay sa natuklasan, ang sumusunod ay naging rekomendasyon ng pananaliksik:

Hikayatin ang paglikha ng makabuluhang kagamitan sa Filipino tulad ng *worktext*, aklat, at sanggunian na madaling maunawaan at akma sa karanasan ng mga estudyante.

Iminumungkahi ang paggamit ng KATAGA sa pagtuturo ng Filipino bilang alternatibong kagamitan sa pagpapadali ng pagkatuto at paglinang ng mas malalim na pag-unawa sa wika at panitikan lalo na sa pamamahayag.

Himukin ang mga guro sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo tulad ng KATAGA upang higit na mapahusay ang kanilang pamamaraan sa pagtuturo.

Inirekomenda na magbuo ng karagdagang reperensiya sa Filipino na madaling kuhanan at gamitin, na nakaugat sa lokal na kultura at karanasan ng mga estudyante.

Palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa paggamit ng KATAGA sa iba't ibang asignatura, antas, at rehiyon upang masuri ang resulta nito sa iba pang konteksto ng pagtuturo.

Iminumungkahi ang patuloy na pagsusuri at pagsasaayos ng KATAGA upang matiyak ang pagiging makabuluhan at akma sa kasalukuyang kurikulum, batay sa puna ng mga guro at estudyante.

## Sanggunian

Alsalhi, N. R., Al-Qatawneh, S., Eltahir, M., Althunibat, F., & Aljarrah, K. (2020). *The role of*

*and Social Sciences Research*, 7(2), 47-62.
Ascd.

Brookhart, S. M. (2013). How to create and use rubrics for formative assessment and grading.

Butac, S., Manera, A., Gonzales, E., Paller, R., Eustaquio, M. T., & Tandoc, J. J. (2025). Forging Global Citizens: A Comparative Study of Intercultural Pedagogical Practices of Higher Educational Institutions in the Philippines. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 62–79. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.171

Camiring-Picpican, H., Flores, K., Caban, R., Mohadali, S., Galdonez, D., & Alih, C. (2025). Pedagogical Innovations Based on Philippine Cultural Practices: A Framework for Culturally Responsive Teaching in Higher Education. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 433–451. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.168

Chen, L., & Ng, K. (2023). Barriers to effective use of electronic worktexts in primary education.

Coca, M.I., Montecino, A.F., & Dabalos, L.C. (2024). Mga Hamon ng mga COVID-19 pandemic. *Journal of Distance Education, 35*(1), 23-41. doi:10.1234/jde.2021.0011

Deeley, S. (2021). Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Information and Communications

Fisher, J., Fancsali, S., Lewis, A., Fisher, V., Hausmann, R. G., Pavelko, M., ... & Ritter, S.

Flores, K., Gadaza, A., Galdonez, D., Pihnuton, J., Soriano, R., & Killip, A. J. (2025). Decolonizing Pedagogy: Integrating Indigenous Knowledge and Philippine Historical Narratives in Higher Education Curricula. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(1), 333–356. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7i1.130

Frolova, E. V., Ryabova, T. M., & Rogach, O. V. (2019). Digital technologies in education:

Gadaza, A., Manera, A., Caban, R., Alih, C., Tulawie, A., & Picpican, H. (2025). Cultural Identity and Historical Consciousness: A Study of Philippine History Instruction in Tertiary Education. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 19–35. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.135

Gadaza, A., Manera, A., Santos, S., Alih, C., & Caban, R. (2025). Reviving the Past, Teaching the Future: The Role of Philippine Cultural Heritage in Curriculum Development of Teacher Education Programs Focus. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 80–97. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.169

Garcia, M., & Lee, T. (2021). The impact of electronic worktexts on remote learning during the goods: the case of e-books. *Journal of Enterprise Information Management, 34*(3), 793-

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 124-138

Grimus, M. (2020). Emerging technologies: Impacting learning, pedagogy and curriculum H. O., & Bognot, F. L. (2022). Exploring the standardized root mean square residual (SRMR) of factors influencing e-book usage among CCA students in the Philippines. *Indonesian Journal of Contemporary Education, 4*(2), 53-70.

Haleem, A., Javaid, M., Qadri, M. A., & Suman, R. (2022). Understanding the role of digital

Heo, M., & Toomey, N. (2020). Learning with multimedia: *The effects of gender, type of* https://www.deped.gov.ph/2012/05/07/do-46-s-2012-policy-guidelines-on-the-
https://www.officialgazette.gov.ph/1991/07/05/republic-act-no-7079/
implementation-of-the-special-curricular-programs/
issues. Routledge. *iTextbooks@ AIED* (pp. 80-89).

Jones, A., & Martin, S. (2022). Digital worktexts: Enhancing student engagement and learning *Journal of Contemporary Education, 8*(4), 779-789.

Kim, J., Seo, J., Zo, H., & Lee, H. (2021). Why digital goods have not replaced traditional learners. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 13*(6), 539-545. learning environments: A Likert Scale Approach. *Educational Technology & Society, 25*(1), 77-88. doi:10.30153/et.2022.25.1.

Novita, D., Manera, A. & Saboya, R.(2024).Global Education Through Local Lenses: A Qualitative Study on Teaching Practices in the Philippines and Indonesia Toward Achieving SDG 4. Studies in Interdisciplinary Horizons, 1(1), 11-20.

Palinkas, L. A., Horwitz, S. M., Green, C. A., Wisdom, J. P., Duan, N., & Hoagwood, K. (2015). *Pananaliksik at Pagpapaunlad sa Edukasyon, 28(3)*, 66-85.

Pinedaa, A. J. M., Mohamadc, A. N., Solomon, O., Bircob, C. N. H., Superioe, M. G., Cuencof, *Politics Culture, 33*, 3855-3871.

Republic Act 7079, Campus Journalism Act of 1991. (1991).

Sánchez-Alzate, C. J., & Ramírez-Garzón, C. D. (2022). Measuring student satisfaction in virtual Senior High Schools. Vanessa Vinzon (2023). Needs-based instructional material for reading and writing skills in Philippine Senior High Schools, Psychology and Education: *A Multidisciplinary Journal, 10(3)*, 345-354.

Tupaz, A. (2021). *CONTEXTUALIZED MODULAR WORKTEXT: ITS EFFECT ON THE ACADEMIC*

Wagner, K. M. (2019). *Faculty and Students' Perceptions of Open Educational Resources vs.* worktext in mathematics in the modern world. *Journal of Namibian Studies: History*
Yongco, J., & Del Valle, J. (2022) Development and evaluation of instructional module for

Zhao, F., Fang, X., & Wang, F. (2019). Impact of previous reading experiences on effectiveness of e-textbook. *In Proceedings of the 5th International Conference on frontiers of educational technologies* (pp. 58-62).